**Abstract**

This diary/journal format of my creative essay is selected from my writings chronicling my journey as a writer and cultural worker during the two-year plus COVID-19 pandemic during which I wrote a number of poems, essays, plays, and stories for children gathered under the collective title Zine in Quarantine. Kurdapya is an old name which has fascinated me since childhood, and it's been the name of my diary since then. I submitted this diary collection with prayers and hope of being selected and getting published to give voice to the sentiments of Kakampinks pertinent to the 2022 national elections, and to share some insights about our struggles and aspirations as Filipinos in the midst of these challenging and uncertain times.

**Keywords**

1. Kakampinks – the collective name for the Leni-Kiko supporters owing to the chosen political color of Tropang Angat
2. Bikol Bayanihan- Bikol's collective efforts and support for the Leni-Kiko campaign
3. Tinta ng paninindigan – Voter's ink, also ink of one's principle
4. Luksang Rosas – Sorrowful Rose, owing to the painful losses in the elections
5. Namulat, di na muling pipikit – Those whose eyes were opened shall not be blind again to the truth and to the injustices in the Philippines.

**English title**

Elections in the Midst of Pandemic: Sentiments Shared with Kurdapya

# HALALAN SA GITNA NG PANDEMYA: MGA SUMBONG KAY KURDAPYA

EILYN LAMADRID NIDEA

April 23, 2022

# DASAL

Kurdapya,

Iisa ang lagi na, at marubdob na dasal ngayong aking kaarawan: Magwagi ang Gobyernong Tapat at sa isang taon, ang aking pangulong si Leni Robredo ay sa Malacaήang na magdiriwang ng kanyang kaarawan.

Oo, pareho kami ng kaarawan. Kaya sa gitna ng paninindigan tungo sa isang mas mabuti at makatarungang Pilipinas, damang-dama ko ang kahulugan ng araw na ito.

Pink cake ang regalo nina Christy G. Raήola at Anabel A. Haber! Siyempre pa, nagsuot ako ng pink shirt, at pinagsuot ko ng green shirt si Swit para sa aming mandatory picture with my birthday cake.

Kasama si Von Joarept sa picture. Tuwang-tuwa siya sa cake. At marami siyang nakain nito.

Masarap! Nagpasalamat din ako sa gumawa, si Chris A. Nudo. “Isang araw, oorder din ako sa kanya ng cake,” sabi ko habang ninanamnam ang isang slice.

Sa araw na ito, mas maigting ang pagtaya ko para sa sarili, pamilya, at bansang ipinaglalaban ko.

Umaasam,
Elena

Mayo 03, 2022

# PANININDIGAN NG ISANG GOVERNMENT EMPLOYEE SA HALALAN

Kurdapya,

Naninindigan,
Elena

Mayo 06, 2022

# BIKOL BAYANIHAN

Kurdapya,

Sa matamang pagbabantay at masuyong pagsalubong ni Daragang Magayon, dumating na sa Bikol ang Tropang Angat! Sa umaga, nasa Sorsogon sila. Sa hapon, sa Legazpi. The rallies drew 140K attendees, according to a news report.

Sa gabi, ang pinakahihintay na Leni-Kiko Angat-buhay Rally sa Magsaysay Avenue, Naga City. Umabot sa 320, 000 ang mga tumindig. Kabilang sa mga ito ang aking mga kamag-anak at kaibigan, kakilala at mga mag-aaral na nagsakripisyong maglakad nang malayo, tumayo nang matagal, mabilad sa init at mahamugan sa gabi.

Nag-antabay ako via FB livestream. Nakinig ako sa mga talumpati ng mga senator bets. Napahanga akong lalo kina Leni at Kiko dahil aking natantong mas lumalim at nag-ugat sa kanila ang pagnanais na mamuno at magsilbi nang may dalisay na hangarin. Natuwa ako sa pag-awit at pagkampanya ni Piolo Pascual na nakiisa sa rally sa unang pagkakataon. Naludok ako mga walang-kapagurang pag-entertain ng bandang Ben & Ben sa mga dumalo. Napahanga ako sa mga lumahok dahil pinagpasyahan nilang makiisa sa kabila ng inconveniences at inadequacies.

Buo ang loob ng mga Bikolano. Kita, rinig, dama, lasa, at amoy ang suporta at pagtindig.

Tumitindig,
Elena

Mayo 07, 2022

# BUKAL AT LANTAY

Kurdapya,

Record-breaking na 710,000 crowd ang nanindigan sa Leni-Kiko Miting de Avance sa Makati!

Naluha si VP Leni pagkatapos ng kanyang talumpati ng pag-asa at pasasalamat at habang inaawitan siya nina Nica Del Rosario at Vice Ganda ng "Rosas."

Tagos sa puso ang pag-awit ni Jillian Robredo ng "Tuloy ang Laban," at ang testimonya nina Aika at Tricia bago nila ipinakilala ang kanilang ina.

Nang-eengganyo ang talumpati ni Sharon Cuneta, at haplos sa puso ang pagyayakap nilang buong pamilya (laging kasama sa mga rally sina Frankie, Miel, at Miguel) bago nagsalita si Sen. Kiko na nababasag ang boses habang binibigkas ang kanyang talumpating isa sa pinakamagaling at pinakamarubdob na narinig ko.

Bigay-todo ang mga celebritiy endorsers: Catriona Gray, Anne Curtis, Gary at Gab Valenciano, the Company, mga Darnang sina Angel Locsin, Issa Calzado, at Jane De Leon; naroon din sina Camille Prats, Jolina Magdangal, Eric Santos, Robbie at Bianca, at marami pang iba.

Umaasa sa tagumpay,
Elena

Mayo 08, 2022

# INANG NAGLILINGKOD

Kurdapya,

Araw ng mga Ina ngayon. Balot pa rin ng election fever ang buong bansa. Nagpo-post ng Leni-Kiko Mother's Day artworks ang mga Kakampinks.

Nagsasalimbayan sa aking isip at gunita ang pitong buwang pangangampanya:

Mula noong Oktubre, nang nagpahayag si VP Leni ng kanyang pagtakbo bilang pangulo, at nanawagan ang kanyang pangkat ng pink revolution, agad akong nangako ng paninindigan.

Nag-post ako tuwing Pink Wednesday. Nagsimula akong makipag-usap sa mga nakakasalamuha tungkol sa Leni-Kiko platforms. Hinikayat ko ang aking mga kapatid at kasamahang tumulong sa kampanya nang hindi naman sila napapahamak.

Napakahaba na ng nilakbay ng kampanya. Napakarami nang naniniwala at tumataya.

Isa ako sa naging marubdob sa pakikilahok. Nagbalik-aral ako tungkol sa batas, inalam ang limitasyon ng isang guro/kawani ng pamahalaan sa panahon ng kampanya at halalan. The Emperor's New Diary Entry ang drama ko sa hindi ko naisulat na mga kaganapan noong Mayo 03.

Nakikilahok,
Elena

Mayo 09, 2022

# HALALAN SA GITNA NG PANDEMYA

Kurdapya,

Lunes. Puno ng pag-asa at pagtitiwala ang buong katauhan ko nang magising at maghanda. Alas-singko y media nang dumating kami sa gate ng Liboro Elementary School at nabatid na pang-28 na ako sa pila. Kumaway ako sa mga naroong kakilala, ngunit nanatiling tahimik at nagmamasid. Nakita kong ang mga nauna ay mga kasapi ng Iglesia ni Cristo: may ilang dating mag-aaral, may Teatro Ragayano alumni, may mga ka-batch sa elementarya. Nagdasal ako habang nakatindig.

Nagsimulang dumagsa ang mga tao, humaba ang pila, umingay, uminit. May isang pagkakataon pa ngang nabahala akong hindi na masunod ang health protocols, magkaroon ng away, at stampede dahil sa nangyaring sagutan sa pila, at pabagu-bagong instructions ng mga nakatalaga.

Kasunuran ko sa pila ang mag-asawang Jesse at Neptali De Casa, mga kaguro sa RNAFS na alam kong Kakampinks din. Mas aktibo sila sa pakikipag-usap sa mga nakapila, nagpapaalala at tumutulong sa pagpapanatili ng kaayusan.

Alas-sais singko nang nagsimulang magpapasok: limang senior citizens at/o PWDs, at limang hindi. Nasa first station ang principal ng paaralan, ilang nurses, at barangay tanod. Kinukuha nila at inire-record ang body temperature ng bawat isang pumapasok. May bulletin board kung saan nakapaskil ang mga listahan ng presinto at botante. Hindi na ako tumingin dahil nakuha ko na sa online voter verifier na sa Precinct 0084C ako nakatalaga.

Nakita ko sa bukana ng presinto si Josephine Ducay Leron, guro, at Irma Mayor Mendez, dating estudyante. Tinulungan nila akong hanapin sa listahan sa may pintuan ang aking numero, 59.

Si Freila Gruta Sarit ang nagpapirma sa akin ng listahan. Si Myra Fuertes Quibral ang nagbigay ng balota, at sa upuan sa unahan ni Nep ako naupo at bumoto.

Bahagyang nanginig ang aking kanang kamay nang nahawakan ang voter's marker na hindi pa rin kayang sakupin ng aking mga daliri dahil hindi ko pa rin tuluyang nakukuyom ang aking kamao dahil sa injury ng nakaraang taon.

Inuna kong i-shade ang mga bilog sa tapat ng mga pangalan ng Tropang Angat, at guest senators, maliban kay Dick Gordon at Jejomar Binay. Ibinoto ko si Luke Espiritu.

Sa Team Star, tatlo ang inilaglag ko, at pinili kong iboto ang tatlo sa Team One: Boyet Alvarez, Marlou Bocago, at Yeng Aguilar. Si Mayor Thaddeus A. Ramos pa rin ang pinili ko.

Bago ako tumayo, siniguro kong na-shade ko nang maayos ang bilog sa unahan ng mga pangalan nina Leni Robredo at Kiko Pangilinan.

Umusal ako ng dasal bago at habang ipinapasok ko sa VCM machine ang aking balota, at nang inihulog ko ang print out sa ballot box, pagkatapos suriing tama ang recording.

Nagpasalamat ako sa mga poll workers bago ako lumabas ng presinto.

Nagtuloy ako sa alam kong Friendship Park sa gawing Norte ng paaralan, kung saan inasahan kong nakatitik pa rin ang aking pangalan bilang 1st Princess sa isang fundraising event noong ako ay Grade One. Gusto ko sanang kunan ng larawan.

Ngunit, iba na ang mga nakasulat sa mga poste at estatwa ng park. Hindi na nagawang manindigan ng kahapon. Nabura na ang mga alaala ng nakaraan, maliban sa aking puso at balintataw. Malinaw pa rin ang naging karanasan, at dinig ko pa rin ang bulong ng isang musmos na pangarap na malaon ko nang natupad.

Umuwi akong puspos pa rin ng pag-asa at pag-asam sa isang kalimbahin/rosas na bukas para sa aking bansang Pilipinas.

Ang mga FB post ng pagpila, pagboto, at statements nina Leni-Kiko ay mga bugso ng hanging nagpaalab sa ningas ng aking pangarap.

Pumipili nang ayon sa konsensiya,
Elena

Mayo 10, 2022

# LUKSANG ROSAS

Kurdapya,

Martes. Pagkalipas ng isang gabing hindi ko maintindihan kung bakit hindi ako nakatulog nang mahimbing, nagising ako sa gitna ng isang bangungot. Nakita kong nagbubunyi sa social media ang BBM-Sara movement. Nadama ko ang hinagpis ng Leni-Kiko Camp.

Naulinigan ko ang sigaw ng ilang bata: "Leni, talo!"

Narinig ko si Leona Almario Alegria na nagpapaliwanag kay Mama Nita, nagwagi ang fake news, ang trolls, ang misinformation, disinformation, at malinformation.

Napagtanto kong minsan pang nagwagi ang dilim, at nilamon ang pulandit ng liwanag. Naging hating-gabi ang katanghalian sa aking Inang Bayan.

Rosas pa rin ang aking newsfeed. Marami ang naghahatid ng mahigpit na mga yakap. Marami ang nagdedeklarang hindi naman tuluyang natalo ang napasimulang pagkakaisa at bayanihan ng Tropang Angat. Marami ang nagpanukala ng mga maaari pang gawin tungo sa sama-samang pagkilos tungo sa Gobyernong Tapat at Buhay na Angat. Marami ang nag-alay muli ng mga akdang-sining tungo sa paghilom at pagpapatuloy.

Nagbigay na rin ng statements Si VP Leni: "Maraming salamat sa inyong lahat sa pagsama sa aming tumindig at mag-alay ng isang malinis na pamamahala. Ipagpatuloy natin ang ating nasimulang bayanihan kahit hindi tayo nagwagi. Pakinggan natin ang tinig ng nakararami. Sa ngayon, simulan natin ang paghilom, at paghahanda tungo sa muling pagbangon."

Napakalma ng mga pahayag na ito ang mga Kakampink. Subalit hindi ganoon kadaling umusad. Maghapon kong nakita ang walang-patid na pagpapalitan ng messages sa aking Kakampink GCs: with RNAFS teachers, with Grade 10 SMOC Batch 2020, with PB for Leni. Nagpadala sila ng mga screenshots ng mga alerts at proofs ng malawakang dayaan sa naganap na halalan. Programmed diumano ang Smartmatic VCMs, nailagay na ang malaking lamang ng BBM-Sara tandem bago pa man nairecord sa SD cards ang mga aktuwal na boto ng mamamayan.

Para akong kandilang unti-unting nauupos, ngunit sa loob ko, ako'y nagpupuyos. Bakit hinahayaan ng Diyos, ng kapalaran, ang ganitong katiwalian? Ano ba ang silbi ng nangyayaring ito sa kasaysayan ng bayan, at sa buhay ng mga mamamayan?

Gusto kong sisihin ang miseducation of the Filipinos, ang kabuktutan ng mga gahaman sa puwesto at kapangyarihan, ang enablers na nakikipagsabwatan dahil sa pansariling interes at kawalang-bahala sa kapakanan ng sambayanan. Gusto kong sumabog na parang bulkan at lunurin sila sa putik at lava. Kung kaya ko lang sana, kung ako'y may mahika, ginawa ko na!

Isang buhos ng malamig na tubig, at nakatulong sa paghahamig sa galit sa aking dibdib ang mahigpit na yakap at malumanay na bulong ni Swit: "Bansa rin ng mga bumoto kina BBM-Sara ang bansa natin. Hindi rin natin masisisi ang masa. Mas nagtalusira ang mga piniling pumanig sa mga corrupt at human rights violators."

"So be it. Let it be. Move on."

I acknowledged the wisdom of these. I can't fight things that are beyond my control.

Subalit ang hirap. Napakahirap. Kulang ang mga salita upang ilarawan ang sakit at pait.

Diyos ko!

Nagluluksa,
Elena

Mayo 11, 2022

# DAMA KO SI ELIAS SA NOCHEBUENA

Kurdapya,

Miyerkules. Ikalawang araw matapos ang halalan. Sa mga nakaraang tatlong gabi, halos hindi ako nakatulog. Ramdam ko ang bigat ng dibdib na wari'y sasabog sa hinanakit, ang hapdi sa mga matang pinaliligiran ng luha, ang mga latay sa isip at kaluluwang nagpapalugmok sa pag-asa. Napakadilim sa bayan kong muli ay ipinatalo ng mga Pilipinong hindi naaninag ang pulandit ng liwanag na nagmumula sa pagtatangkang magpalaya sa kakitiran ng isip at maling mga balita at sa paniniil ng mga mapang-aping kalahi.

Naiisip ko habang ako'y tulalang nakatanaw sa nagsisimula pa lamang na pagsabog ng sikat ng araw, anong hapdi at kirot nitong ang Pilipinas ay nabubusabos ng kanyang sariling mga mamamayan.

"Tilapya! Hipon! Bili na kayo!"

"Kumusta ka ngayong araw na ito?"

"Maaari ka namang umiyak. Sige. Pero pagkatapos, magpatuloy ka na. Hindi pa tapos ang buhay."

"Salamat sa pagtindig!"

"Ang mga namulat, di na kailanman dapat pumikit!"

Naririnig ko ang mga usapan sa paligid. Alam kong isa ako sa mga kinakausap nila. Pero wala akong lakas na tumugon. Para bang wala na akong buto sa katawan, lupaypay at lungayngay.

Dahan-dahan, namalayan kong ako'y nagbubuntung-hininga. Malalim. Madalang. Ngunit ramdam ko ang pagdaloy ng hangin ng buhay sa aking ilong, bibig, at kaibuturan.

Napayakap ako sa aking sarili, at nahagip ng sulyap ko ang hintuturo sa kanang kamay. Matingkad pa rin ang tinta ng paninindigan. Hindi nabura ng pinagdaanang pagkatuliro at pagkasiphayo.

Naririto pa ako. Patuloy ang buhay. May pangako ng pag-asa sa isa pang bukang-liwayway.

Sabi nga ni Elias sa kabanatang "Noche Buena" sa *Noli Me Tangere* ni Gat Jose Rizal: "Kayong makakikita ng muling pagsikat ng araw sa ating bayan, alalahanin ninyo kaming mga nangalugmok sa dilim ng gabi."

Naghihintay sa bukang-liwayway,
Elena

Mayo 12

# MATAMLAY NA PANULAT

Kurdapya,

"Mahirap makatulog. Malungkot pag gumigising."

Iyan ang sagot ko sa pangungumusta ni Marren A. Adan, isang bagong kaibigan.

"Pero nakakapag-work, read and write naman ako, kahit paano."

Yakap daw.

Hay...

Nakita ko sa Nidea Familia GC na nag-watch ng FB Live ni VP Leni ngayong umaga ang mga kapatid ko.

Nang alas-singko ngayong hapon, ako naman ang nanood. Iniisa-isa ni VP ang mga regalong natanggap niya from admirers, campaign supporters, and volunteers. Marami! Iba't ibang klase, kulay, hugis, laki, gamit, at iba pa. Pinakanagustuhan ko ang mga damit at telang galing sa mga weaving communities, at mga artworks. Wooooow!

Napaluha na naman ako sa messages/comments/reactions ng viewers. Marami ang nagsasabing therapy, at healing ang ganap. Nakita at narinig ko ang pagbibiruan at pagtatawanan nina VP at staff niya.

May FB post na nagsabing ibang level talaga ang transparency niya.

Nakita ko rin ang isang election-result graphic, mas malawak at malaki talaga ang pula sa mapa ng Pilipinas kesa sa pink.

At nabasa ko ring 15M ang votes ni VP kaya talo sa 31 M votes ni BBM.

Nakita ko ring maraming makapula ang nangangantiyaw sa mga maka-pink. Hindi na ako nag-react. Alagad rimpos ko sa sakong daghan an mga ngaran kan mga kabistong nagtarabang tanganing tawan giraray nin poder an mga dai dapat.

May mga nabasa rin akong posts nina FP Jarin, Jason Chancoco, at Adri Yan, tungkol sa moral compass, reflection while stopping, and regaining strength for more struggles. At ni Susan Lara tungkol sa history revisionism and memory erasures.

Naku!

Hay...

Nagsisikap magpatuloy,<br>
Elena

Mayo 13

# PUNGAW KAN PUSO

Kurdapya,

Nag-aalmusal pa lang kami, sinabi ko na naman kay Swit na puspos pa rin ng lungkot ang puso ko.

Sagot niya: “Iba na ang mga tao ngayon. Sa pamahalaan, di na kailangan o pinapansin ang plataporma. Mas naeengganyo na sa pera. Hindi ka naman mabubuhay sa prinsipyo lang.”

Nakakainis!

Pero ito nga ang pinatunayan ng naganap sa halalan.

May nabasa na naman akong post ngayon, from Emman Barrameda: tungkol sa pagpupunyaging iangat ang level ng intellect ng masa sa academe.

Hay... ulit.

Alam ko namang maraming layers pa ang hindi na-unravel sa mga kaganapan. Sana lang, magbalik agad ang sigla ng aking isipan, at ang apoy sa aking puso para maipagpatuloy ko ang buhay bilang manunulat at manggagawang kultural.

Nagsisimulang maghilom,
Elena

Hunyo 08, 2022

# ROSAS SA BULUSAN

Kurdapya,

Talong araw na ang OVP relief operations sa mga pook na naapektuhan ng pagsabog ng Bulkang Bulusan sa Sorsogon.

As usual, the trolls are finding faults in VP Leni who, as usual, was the first national government official to respond to the need for urgent assistance.

Kahapon, nabasa ko ang post ni VP Leni: "Hindi na ako muling mag-iisa." Pagtukoy niya ito sa mga namulat at di na pumipikit na kasama na niyang nagtatanggol sa kanyang mga pagkilos para sa bayan at mga kababayang nangangailangan.

Inaawit ko pa rin ang "Rosas" sa mga panahong may silakbo ng kirot at lambong ng lungkot. Nag-aalala pa rin ako sa kung ano ang mangyayari sa aking bansa sa mga susunod na araw habang nanlulumo ako sa pagtaas ng presyo ng ilang pangunahing bilihin at ng langis.

Inaawit ko pa rin ang "Rosas" sa mga panahong may silakbo ng kirot at lambong ng lungkot.

May mga sandaling malalim pa rin ang aking mga buntung-hininga. At natatagpuan ko ang aking sariling natutulala.

Subalit nagagampanan ko na ang aking mga tungkulin, at natatapos na ang mga gawain nang buo na muli ang loob, at matatag na muli ang paninindigan.

Muli, kinakaya ko nang isabuhay ang "When the going gets tough, the tough gets going."

Muli, ako ay "blooming where I am planted."

Muli, alam kong "Scarred people are beautiful."

Patuloy ang awit sa puso ko: "Huwag kang manghinayang, di tayo nabigo."

Nagpapatuloy dahil nagmamahal,
Elena